



All About Young Children

Information for Families on Children's Early Development

MGA IMPORMASYON SA MGA EDAD NG BATA

8 buwan hanggang 18 buwan



PAGKAKAINTINDI NG BILANG

Paano natututo ang mga bata tungkol sa mga bilang?

Buod ng Pagkakaintindi ng Bilang

Ang mga bata ay tumutuklas at nagsisimulang magsanay ng mga kakayahan na kailangan para sa matematika bago pa man pumasok sa elementarya. Sa mga unang taon ng buhay, ang mga bata ay natututong magbilang, kumilala ng mga hugis at modelo, naghahambing ng mga sukat at mga dami, at kumikilala ng mga pagkakapareho at kaibahan. Nakukuha ng mga bata ang mga kakayahang ito sa pamamagitan ng kanilang pagiging mausisa at naglalaro ng mga bagay at sa pamamagitan ng mga simpleng interaksyon sa mga matatanda. Ang araw-araw na interaksyon tulad ng pagbilang ng mga daliri sa kamay at paa ng isang matanda, pagbibigay ng dalawang pirasong saging, at ang pag-aayos ng bughaw at puting medyas sa iba't-ibang tumpok ay nagdadagdag ng kakayahan ng isang bata sa matematika. Ang mga bata ay nagsisimulang makipag-usap tungkol sa mga dami ng mga bagay gamit ang mga salitang "mas marami" at "mas malaki."

Habang sila ay lumalaki, sila ay natututong bumilang ng ilang mga numero. Lumalaki rin ang kanilang pang-unawa ng dami sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng paglagay ng mga plato at mga baso sa mesa. Nalalaman nila kung paano ginagamit ng mga matatanda ang pagbibilang sa araw-araw na buhay at matututunan kung paano gamitin ng mga numero sa pamamagitan ng paggaya sa mga matatanda. Sa kabuuan ng mga unang taon, halos lahat ng mga bata ay natural na interesado sa mga numero. Mga masasayang aktibidad na may kinalaman sa mga numero ay nagpapatibay sa natural na interes ng mga bata at humihimok sa kanila na matuto pa tungkol sa mga konseptong pang-matematika.



Panimula

Ano ang natututunan ng mga sanggol tungkol sa mga numero?

Ang mga maliliit na bata ay nagsisimulang magsanay sa kanilang kakayahan na kinakailangan para sa aritmetika at matematika bago pa sila pumasok sa paaralang elementarya. Karamihan sa mga kakayahang ito ay nabuo sa pamamagitan ng kanilang sariling pinasimulan na paglalaro ng mga bagay at sa pamamagitan ng mga simpleng tagubilin ng mga matatanda.

- *Ang mga bata ay pinasisimulan sa pagbibilang na kasanayan sa pamamagitan ng pang-araw araw na interkasyon tulad ng pag-aalok ng mga magulang sa kanila ng “tatlong piraso ng saging–1-2-3,.” o pagmumungkahi na basahin natin ang mga aklat na ito.*
- *Ang mga bata na nasa pagitan ng 9 at 18 buwan ay nalilinang ang mas maraming ideya tungkol sa bilang ng mga bagay. Kapag nais ng iyong anak na bigyan siya ng mas maraming tinapay aabutin niya ito, sinasabi na “mo.” o gumagamit ng wikang pasenyas upang sabihin na gusto pa niya ng marami.*
- *Kapag inalok mo siya ng maraming pagkain kapag busog siya, iiling ang ulo nya “hindi”. Kapag tapos na siyang kumain maaari niyang sabihin o isenyas na “tapos na.” Ito ay nagpapakita na siya ay nagsisimulang makaunawa ng mga konsepto ng sapat at higit pa.*
- *Ang mga batang paslit ay nag-iimbento ng kakaunting bilang ng mga bagay. Alam nila na karaniwan ay makapagdadala lamang sila ng isang bagay sa kanilang kamay, kaya marami silang pagsasanay upang maunawaan ang bilang na “dalawa,” kahit na bago nila masabi na, “dalawa.”*
- *Kapag naglalaro ng buhangin, maaari siyang maglagay ng kaunting buhangin sa lalagyan at maraming buhangin sa isa pa at ilarawan ang isa na maraming buhangin bilang “mas malaki”, nagpapakita na siya ay nagsisimulang mag-isip ng tungkol sa hugis at pagkukumpara.*
- *Maaari niyang ipila ang dalawa o tatlong sasakyan sa isang hanay.*



Paano natututo ang mga bata tungkol sa mga bilang? PAGKAKAINTINDI NG BILANG

Mga tips para sa kapamilya upang tulungan ang mga anak na maunawaan ang mga bilang:

Marami sa mga bagay na ginagawa ng kapamilya ay likas sa mga bata na tulungan sila na linangin ang kanilang matematika at kakayahan sa numero. Maraming pagkakataon sa ating pang-araw araw na buhay kung saan ang mga matatanda ay nagbibilang ng mga bagay at ang mga bata ay nagsasanay bumilang sa kanilang paglalaro. Narito ang ilang mga mungkahi sa mga bagay na maaaring gawin ng mga magulang:

- Maaari mong sabihin sa iyong anak na itabi ang sapatos. “Ito ang isang sapatos ant ito naman ang isa pa –dalawang sapatos. Maaari mo ba silang dalahin sa aparador? Ngayon ay may dalawang sapatos ka na.” Maraming mga pagkakataon tulad nito kung saan magagamit natin ang simpleng mga numero kapag nakikipag-usap ka sa iyong maliit na anak.
- Maaari mong ituro ang iyong ilong at sabihin sa iyong anak na ipakita sa iyo ang kanyang ilong. “Ito ang aking ilong at iyan ang iyong ilong.” Ito ay simula upang ipakilala ang konsepto ng isa-sa-sang pagtutumbas. “Isang tao/isang ilong.” Bawat tao ay may ilong.
- Kapag itinuro mo ang mga tainga, mga mata at paa, bilangin mo ang mga iyon. “Mayroon akong dalawang mata—isa, dalawa, at mayroon hang dalawang mata, isa-dalawa- tatlo!” Ang mga paslit ay nagsisimulang masiyahan sa pagbibilang ng kanilang mga daliri at daliri sa paa.

Ang mga bata ay namamangha sa kanilang katawan. Ang pagbibilang ng mga daliri, daliri sa paa, o mga kamay ay nagbibigay ng pagkakataon sa kanilang matututo ng mga numero.

- Kapag nagbigay tayo ng pagkain sa mga bata, karaniwan nating sinasabi ang dami. “Kinain mo lahat ng iyong manok. Busog ka na ba o gusto mo pa ng manok?”
- Kapag isiniksik niya ang sanggol sa ilalim ng bawat braso, maari mong sabihin, “Mayroon kang dalawang sanggol.”
- Kapag itinuro ng paslit ang eroplano sa himpapawid, maaari mong ipaliwanag, “Wow, nakita mo ang eroplano. Nasa itaas ito ng himpapawid. Ngayon hindi na natin ito maririnig. Wala na ito.”
- Napakaraming pagkakaton upang pag-usapan ang kaugnayan ng mga bagay (mataas, mababa, malayo, malapit) gayundin ang sukat ng mga bagay sa kapaligiran ng iyong sanggol.

Ang araw-araw na pakikipag-interaksyon na nakasentro sa mga interes ng mga bata ay makakatulong sa kanilang matuto ng mga bagong impormasyon.

allaboutyoungchildren.org